Kapag dumating ang isa sa inyo sa Masjid ay tumingin siya,Kapag nakita niya sa dalawang sapatos niya ang dumi o nakakapinsala,Punasan niya ito,at magdasal siya gamit ang mga ito

Ayon kay Abe Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya:Habang ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagdarasal sa mga kasamahan niya,kaya hinubad niya ang dalawang sapatos niya at inilagay niya sa bandang kaliwa niya,At nang makita ito ng mga tao,itinapon nila ang mga sapatos nila,At nang matapos ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pagdarasal niya,Nagsabi siya:(Ano ang nagdala sa inyo sa pagtapon ninyo sa mga sapatos ninyo))Ang sabi nila:Nakita ka naming itinapon mo ang dalawang sapatos mo kaya itinapon namin ang mga sapatos namin,Ang sabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: Tunay na si Jibrel-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay dumating sa akin,sinabi niya na ito may dala-dalang dumi-O nagsabi siya:Nakakapinsala-At sinabi niyang :Kapag dumating ang isa sa inyo sa Masjid ay tumingin siya,Kapag nakita niya sa dalawang sapatos niya ang dumi o nakakapinsala,Punasan niya ito,at magdasal siya gamit ang mga ito

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad - Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy]

Nagdasal ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa mga kasamahan niya,isang araw,pagkatapos ay hinubad niya ang dalawang sapatos niya ng biglaan at inilagay niya ito sa bandang kaliwa niya,At nang makita ito ng mga kasamahan niya-malugod si Allah sa kanila-,Hinubad din nila ang mga sapatos nila,bilang pagtupad at pagsunod sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At nang matapos siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- sa pagdarasal niya,at napalingon siya sa kanila,at nakita niya sila sa kalagayang iba sa kalagayan nang pumasok sila sa Masjid,Nagtanong siya sa kanila sa dahilan ng paghubad nila sa mga sapatos nila.Sumagot sila sa pagsabi nilang:"Nakita ka naming itinapon mo ang dalawang sapatos mo kaya itinapon namin ang mga sapatos namin," Ibig sabihin ay: bilang pagsunod sa iyo;Dahil inisip nila-malugod si Allah sa kanila-na nawala ang pagapahintulot sa pagdarasal gamit ang sapatos,Kaya ipinaalam niya sa kanila-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-ang dahilan ng paghubad niya sa dalawang sapatos niya sa pagsabi niyang:"Tunay na si Jibrel-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay dumating sa akin,sinabi niya na ito may dala-dalang dumi-O nagsabi siya:Nakakapinsala" Ibig sabihin ay:Si Jibrel sumakanya ang pangangalaga-ay dumating kay Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-habang siya ay nasa pagdarasal niya,Ipinaalam niya na ang sapatos nito ay hindi kaaya-ayang [gamitin] sa pagdarasal,dahil sa pagkakaroon nito ng dumi o pinsala-at ang pag-aalinlangang ito ay mula sa nagsalaysay- Pagkatapos ay sinabi niya-

pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-" Kapag dumating ang isa sa inyo sa Masjid ay tumingin siya,Kapag nakita niya sa dalawang sapatos niya ang dumi o nakakapinsala,Punasan niya ito,at magdasal siya gamit ang mga ito"Kapag inibig niyang pumasok sa Masjid gamit ito at magdasal rito [gamit ang dalawang sapatos],Ang nararapat sa kanya ay tingnan niya ito,kapag nakita niya rito na may dumi o nakakapinsala,punasan niya ito sa lupa o sa ibang bagay,upang matanggal ito.Pagkatapos ay magdasal siya gamit ito,At hindi ibig sabihin nito na ang tao ay nararapat na magdasal gamit ito,Maaari siyang magdasal gamit ito at hindi niya gamitin,Ngunit kapag inibig niya na magdasal gamit ang mga ito,dapat niyang siguraduhin ang kalinisan nito,pagkatapos ay magdasal siya gamit ito kung ninais niya,At sinuman ang magdasal at hindi niya namalayan ang dumi rito,Maging ito man ay sa sapatos niya o sa turban o sombrero niya,pagkatapos ay nalaman niya ito habang nagdarasal siya,magmadali siya sa pagtanggal nito,Kung ito man ay nasa damit niya o sa pantalon niya at posible sa kanya ang pagtanggal nito,at mananatili na natatakpan ang pribadong bahgi nito,Tanggalin niya ito,at ipagpatuloy niya ang pagdarasal niya at hind niya ito kailangan balikan,at kapag hindi niya ito kayang tanggalin maliban kung tatanggalin niya [ang nakatakip] sa pribadong bahagi ng [katawan niya],ay Putulin niya ang pagdarasal niya,At takpan niya ang pribadong bahagi ng katawan niya at ulitin niya ang pagdarasal.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10648